




MGA KAALAMAN: Ang BART Silicon Valley Phase II Extension Project ng VTA

Ventilation Facility

Ang BART Silicon Valley Phase II Project ng VTA ay isang anim na milya at apat na istasyon na extension na makakapagdulong ng serbisyo ng tren ng BART mula sa Berryessa/North San José hanggang sa downtown San José sa Lungsod ng Santa Clara. Ang Phase II ay may kasamang humigit-kumulang sa limang milyang tunnel, dalawang mid-tunnel ventilation na pasilidad, isang maintenance facility at storage yard, tatlong underground na istasyon (Alum Rock/28th Street, Downtown San José, Diridon), at isang ground-level na istasyon (Santa Clara).



Ano ang isang ventilation facility?

Ang mga ventilation facility ay matatagpuan na nakahanay sa tunnel na halos sa kalagitnaan sa pagitan ng mga underground na istasyon. Ang pangunahing layunin ng mga pasilidad ay paikutin ang hangin papasok at palabas ng tunnel kapag may emergency na situwasyon at para sa pagpapahangin kapag isinasagawa ang maintenance. Kabilang sa mga katangian ang mga bentilador, mga damper, mga vent shaft, at mga kaugnay na pasilidad. Ang mga pasilidad sa pagpapahangin ay kinabibilangan ng above ground na istruktura na paglalagyan ng mga kagamitan at isang underground na pagpapahangin na nagkokonekta ng mga pasilidad sa tunnel.

Ang mga pasilidad sa pagpapahangin ay itatayo sa labas ng pampublikong right-of-way, na may shaft na nagkokonekta sa mga subway track. Habang tinatayo, kasama na ang mga paglilipat ng lokasyon ng utility, maaaring may mga pagsasara ng sidewalk at kalsada at pati na rin mga kontroladong epekto. Patuloy ang VTA na magtatrabaho kasama ang mga lungsod ng San Jose at Santa Clara, mga contractor ng konstruksyon, ang publiko, mga residente, mga may-ari ng property, at mga negosyo upang mapakaunti ang mga epekto.

Ano ang makikita mula sa mga kalsada?

Ang area na kailangan para mapaunlakan ang pasilidad ay humigit-kulang na 110 sa 210 feet ng kagamitan na nakalagay sa isang istruktura na humigit kumulang sa 90 sa 140 feet ang laki at 25 feet ang taas. Ang bukasang bentilador ay matatagpuan sa bubuong ng istruktura. Ang namungkahing Transit-Oriented Joint Development (TOJD) ay may kasamang mga pasilidad ng bentilasyon sa kasalukuyang mga katangian ng neighborhood at kabilang ang development ng commercial, residential, o halong-gamit.

Kailan magagamit o papaandarin ang mga pasilidad ng pagpapahangin?

Ang mga pasilidad ng pagpapahangin ay paaandarin habang may regular na maintenance ng tunnel, pag-susuri sa system at mga emergency na situwasyon. Sa kaso ng isang emergency, ang mga bentilador para sa pagpapahangin ay magpapapasok ng mga hangin sa mga tunnel o pagpapahangin sa tunnel mula sa mga usok o fumes.

Trabaho	Dalas	Tagal	Mga Oras
Tunnel Maintenance	Isa hanggang dalawang beses kada buwan	Dalawa hanggang apat na oras	Sa pagitan ng mga oras na 2 a.m. at 4 a.m., habang ang mga tren ay hindi ginagamit
Pagsusubok sa System	Isang beses kada apat hanggang anim na buwan	Limang minuto ang tagal sa isang partikular na sandali	Sa maghapon

Ang inaasahang mga antas ng ingay na maaalis sanhi ng bentilasyon ay batay sa layo mula sa pasilidad. Ang mga tren ay hindi direktang dadaan sa ilalim ng shaft ng bentilasyon, kaya't ang mga tunog mula sa gumaganang tren ay maaaring hindi marinig nang malapit sa pasilidad.

Layo mula sa Pasilidad	Maximum Noise Level (todong lakas ng mga bentilador)	Paghahambing na Noise Level
Mas kaunti sa isang bloke (Sa loob ng 40 feet)	64 decibels	Normal na boses
Halos isang bloke (250 feet)	47 decibels (mariring sa labas)	Gumaganang refrigerator
Higit pa sa isang bloke (Mas malayo sa 250 feet)	Ang noise level ng pasilidad ng pagpapahangin ay mawawala sa ingay ng background	

Saan matatagpuan ang mga pasilidad ng bentilasyon?

Ang mga pasilidad ng bentilasyon ay matatagpuan sa hilagang kanluran na kanto ng Santa Clara at 13th Streets at silangan ng Stockton Avenue na kanluran ng Taylor Street. Ang 13th Street Ventilation Facility ay halos sa gitna ng Alum Rock/28th Street at Downtown San José na mga istasyon. Ang Stockton Avenue Facility ay halos sa kalagitnaan ng Diridon Station at kanlurang dulo ng tunnel (malapit sa Santa Clara). Ang pasilidad ng bentilasyon sa pagitan ng Downtown San José at Diridon na mga istasyon ay hindi kailangan, sanhi ng lapit sa pagitan ng dalawang istasyon.



Pagiging Bahagi ng Komunidad

Ang VTA ay nagsagawa ng malawakang proseso sa pakikibahagi ng komunidad para matiyak ang lokasyon ng 13th Street Ventilation Facility sa 2007. Isang katulad na proseso ng pakikibahagi ng komunidad tungkol sa pang-arkitektura na mga katangian para sa Stockton Avenue Ventilation Facility ay inaasahang isasagawa sa 2019.

Contact Us

(408) 321-7575 English



Español 粵/華語
(408) 321-2300 Tagalog Tiếng Việt
Português 한국어

(408) 321-2330 TTY



www.vta.org/bart



facebook.com/bartsv



vtabart@vta.org



twitter.com/bartsv